Republic of the Philippines
# Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF PAMPANGA**

**ADVISORY NO. 56 s. 2025**
July 15, 2025

In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013 this advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001 but only for the information of DepEd officials, personnel/staff, as well as the concerned public

**HIRAYA THEATER PRODUCTION**

Attached herewith is the letter from Mr. Rommel Chaps Manansala, Writer Director of Hiraya Theater Production offering various stage plays to the learners of SDO Pampanga.

Moreover, participation of the activity is purely VOLUNTARY.

For your information and guidance.

000000057431

RELEASED
JUL 15 2025


**Address:** High School Blvd., Brgy. Lourdes, City of San Fernando (P)
**Telephone No.:** (045) 435-2728; (045) 435-7404
**Email Address:** pampanga@deped.gov.ph
**Website:** www.depedpampanga.ph

# HIRAYA THEATER PRODUCTION

Victoria Sports Tower EDSA, Quezon City

00014877
RECEIVED
JUL 10 2025
BY: 2:47

______________________

**ROMEO M ALIP PhD, CESO V**
**SCHOOLS DIVISION SUPERINTENDENT**
**DIVISION OF PAMPANGA**

Isang masining na pagbati!

Ang **HIRAYA THEATER PRODUCTION (HTP)** ay isang samahan ng mga artistang mula sa iba't ibang lehitimong entablado, pinagsama-sama ang kanilang mga ideolohiya at kultura para sa isang adhikain, at iyon ay ang makabuo ng isang damdaming makatao, panooring makatuturan at makabuluhang pagtatanghal, gamit ang isa sa pinakamahalagang midyum, ang **ENTABLADO**. Nuong nakaraang taon, ay kinilala at pinarangalan ang HIRAYA THEATER PRODUCTION ng HIYAS NG SINING bilang **"PINAKA MATAAS NA PAGKILALA SA TEATRO" (HIGHEST HONORS FOR THEATER)** Kaya lalo kaming pinagtibay at pinalakas ng tagumpay na ito.

Sa ikalabing siyam taong paglalayag, paglalakas-loob at paglikha nang **HTP** ng mga makabuluhang palabas, ay muli kaming papaimbulog at magtatangkang bigyang-kulay ang iba't ibang entablado sa buong PILIPINAS tangan ang aming mga mithiin at masidhing kagustuhang makalikha ng isang imahinasyon, magpapalawak sa kaisipan, damdamin at karanasan ng bawat indibiduwal.

Sa kagustuhan naming maging tama sa panlasa ng aming mga manonood, kumuha kami ng mga pamilyar na mukha para makasama namin sa pagsasadula kasama ang mga lupon ng mga artistang pang-entablado na bubuo ng isang hindi malilimutang karanasan sa larangan ng kultura at sining na aming minamahal.

Kami'y kumakatok sa inyong puso na mapagbigyan sa aming munting hiling na makasama namin kayo at ang inyong mga mag-aaral na mapanood ang isa o dalawa sa aming mga inihandang dramang **PANG-ENATBLADO** at ito ay mga sumusunod ma napapanahong kwentong...




para sa mag aaral na **KINDER- GRADE 6**




Para sa mga **GRADE 4-GRADE 10**




Para sa mga **GRADE 7-GRADE 12**

ilang pagkilala sa inyong magiging pagtangkilik sa aming mga dula, ang mga sumusunod ay ang aming tulong na ibibigay sa inyong mahal na paaralan:

1. Sa pagnanais namin na mas marami ang aming maabot at makapanood ng aming natatanging produksyon ay minabuti naming kami na ang tutungo sa lugar na mas malapit at mas abot ng aming mga tagasubaybay;
2. Bitbit ng produksyon ang lahat mula sa maliit na bahagi ng palatuntunan hanggang sa pinaka-importanteng bagay ng aming produksyon;
3. Programang pantanghalan sa mga piling mag-aaral, guro, at kawani ng inyong paaralan

Umaasa kami na kami'y inyong tatangkilikin upang mapalawig ang bawat pagtatangka, at magkaroon ng saysay ang aming paglalakas-loob. Asahan po ninyo na ang aming pagkatok ay isang makatotohanang paglahok sa isang kulturang para sa lahat at sa tradisyong ating nakagisnan.

KASIHAN NAWA KAYO AT ANG INYONG PAMILYA NG ATING POONG MAYKAPAL.

Lumagda

**Mr. Rommel Chaps Manansala**
**WRITER/DIRECTOR**

09171345544
manansala.chaps@yahoo.com.ph